

Vladimeir B. Gonzales

# *Hyperwriting: Isang Walkthrough*




Ito ang screen capture ng detail mula sa Website na "Project Crumbs" nina Adam David at Indira Endaya. Nakilala ko si David bilang cofellow sa UP National Writers Workshop noong 2002, at sa parehong taon din niya naipakilala sa akin itong digital na proyektong ginawa nila ni Endaya.

Mahalagang detalye ang panahon at sitwasyon ng pagkakilala namin ni David at ng proyekto nila ni Endaya. Kumukuha ako ng BA Malikhaing Pagsulat noon sa UP Diliman, at bagahe ng institusyonalisadong sistemang ito ang ilang mga dominanteng pagtingin tungkol sa pagsusulat—halimbawa'y ang mga awtomatikong direksiyon ng mga isinusulat sa wikang Ingles at Filipino (kapag burgis, Ingles; kapag nagpapakamakabayan, Filipino, at iba pang baryasyon), o ang matinding pananalig sa halaga ng mga pambansang palihan at patimpalak bilang indikasyon ng husay sa pagsusulat, o ang pagkakitid sa usapin ng pagkakahon sa iba't ibang genre at anyo ng pamamahayag. Naging napapanahong introduksiyon ang pagbabasa ko ng "Project Crumbs" sa pagyanig ng makikitid kong pundasyon sa paglikha, na naging mitsa ng marami-raming kasunod na mabungang pag-aaral at sariling pagkatha.




Ginagamit ko ang salitang "pagbabasa" nang may kaluwagan, pagkat sa aktuwal na danas ay hindi lamang simpleng pagbagtas sa mga salita ang nangyayari sa pag-enjoy ng "Project Crumbs." Matingkad ang sense of interface sa kanilang nilikha—hindi lamang ako simpleng nagbabasa, nagki-click ako ng iba't ibang kombinasyon ng mga letra at imahen, at sa bawat paglalaro ng point-and-click interface na ito'y may lumilitaw na iba't ibang multimedia na tugon ang birtuwal na papel. Hindi lamang ako umiintindi ng kuwento, ako na mismo ang lumilikha nito kasabay ng

mga alternatibong nakalatag sa aking binabasang teksto. Sa larawan, halimbawa, maaari kong i-drag ang mga bungkos ng salita, puwede ko silang gulu-guluhin at ayusin ayon sa kung ano ang nais ko. Kapag nag-double click ako sa mga magnetic na prosang kulay berde (ganito ang tawag nina David at Endaya dahil parang mga refrigerator magnet na pinaglaruan ang mga salita), magbubukas ang window na may nakalamang kuwento, na may mga salitang naka-highlight. Pag nag-click akong muli sa mga naka-highlight na salitang ito, madadala muli ako sa susunod pang mga window at sa mga susunod pang kuwento.

Sa ilan pang interaksiyon kay David, maibabato ang terminong "hypertext," at dinala ako ng aking interes sa ipinakitang proyekto para saliksikin ang konseptong ito, at ang mga kaugnay pang konseptong huhubog sa aking hinihirayang "hyperwriter," isang termino ring ginamit ni David bilang pangalan ng isa niyang blog project.

Sa pinakamalawak na paliwanag, tinutukoy ng hypertext ang anumang mga simbolo (letra, imahen, tunog, at iba pa) na nabubuo sa computer screens gamit ang electronic codes. Mas madalas na makikita ang terminong ito sa mga pag-aaral tungkol sa World Wide Web at Internet, na gumagamit ng Hypertext Markup Language o HTML sa pagbuo ng kanilang mga birtuwal na mundo. Kaakibat ng terminong "hypertext" ang "hyperlink," o ang set ng electronic codes na nagkokonekta pa sa iba pang set ng electronic codes o hypertext. Matingkad na manipestasyon nito ang browsing na nagagawa ng isang computer user kapag siya ay gumagamit ng Internet. At pagkarami-rami nga namang puwedeng i-browse na pahina, lalo sa kasalukuyan kung saan napakarami nang murang (kung hindi man libreng) puwang para maranasan at lumubog sa pagbuo ng websites o/at paglangoy sa mga pahinang nag-aalok ng iba't ibang tugon sa iba't ibang pangangailangan.

Bagaman nakatutuksong magpatuloy na agad sa napakaraming aplikasyon ng napakaraming kaluwalhatiang maaaring iluwal ng hypertext, nais kong imaniobra ang diskusyon sa pagtumbok ng bigat ng hypertext para sa isang taong nasa larangan ng pagsusulat. Para magtagumpay sa ganitong intensiyon, ilalatag ko ang mga sumusunod na tanong: may saysay bang aralin ang hypertext sa konteksto ng lipunang Filipino, isang lipunang may posibilidad na kaunti lamang ang nakahahawak ng computer; ano ang mga implikasiyon at potensiyal ng pag-aaral na ito sa pagsusulat at panitikan, kung mayroon man; at posible bang makabuo ng isang Filipinong hyperwriter?

## PAGLALATAG

Sa pag-aaral sa hypertext, madaling susulpot ang tinatawag na "hypertext paradigm," na palagi namang inihahanay katapat ng tinatawag na "print paradigm." Ang print-based forms, o ang mga tekstong nabubuo sa pamamagitan ng paglilimbag

sa papel, ay mailalarawan bilang linear, bordered, at univocal. Linear, dahil may tiyak at inaasahang anyo at pagkakasunod-sunod, at dahil doon ay awtomatiko nang nagiging makitid at limitado, at dahil sa hindi lahat ng tao ay may kakayahang bumili at magpatakbo ng mga palimbagan, ang mga ahenteng may ganitong kapasidad ang posibleng magkaroon ng control sa kung ano ang anyo at nilalaman ng mga librong lalabas sa kanilang kanyi-kanyang imprenta. Tinitingnan ang print paradigmna ito bilang repleksiyon ng herarkiya at subjectivity ng mga taong may kontrol sa paglikha.

Ito ay impormasyong kayang imapa sa kongkretong karanasan ng lipunang Filipino. Paulit-ulit na babanggitin sa mga aklat ng kasaysayan ang pag-iral ng isang mayamang oral na tradisyon ng pamamahayag bago dumating ang mga Espanyol, na siya ring nagpakilala ng mga unang palimbagan sa bansa. Kaakibat ng mga palimbagan ang pagpapatayo ng mga paaralan, ang pagbuo ng isang sagradong espasyo para sa panitikan. Maaaring isa ito sa mga pinagmulan ng sentimyento ng pagpapaloob at pag-eetsa puwera—kapag inirerekomenda at binabasa sa eskuwela, ito ay *panitikan* na; lahat ng walang basbas ng akademya, basura na't hindi katanggap-tanggap. Nagkataong sa maraming pagkakataon, ang mga katutubong oral na anyo ang hindi nakapasok sa mga pader na itinayo ng dayuhan. Ito ang mga katutubong anyong matatandaan para sa kawalan ng may-akda't nagmamayari (dahil ipinapasa-pasa't pag-aari ng lahat, libre itong maituturing), bahagi ng kabuuang pag-iral (sa anyo ng mga ritwal na nariyan na simula sa pagsilang hanggang sa kamatayan), walang pagdaramot sa kung saang lugar dapat idaos (at wala ring maniningil ng bayad para sa tiket, tatak ng lehitimong sining). Maaaring sa pagpasok ng nakalimbag na sistema nagsimula ang pagiging pilit sa pakiramdam ng pagsusulat at pagbabasa.

Lahat ng pagkamakitid ng anyong pasulat ay tinutuligsa at binabaligtad daw ng sistemang nakabase sa hypertext. Kung univocal ang isa, multivocal ang isa; kung bordered ang una, borderless ang huli; kung linear ang nasa isang gilid, nonlinear naman ang kabila.

Bago ipagpatuloy, dapat nang linawin kung ito ba'y kaalamang dapat pang himayin, kahit sa posibilidad na hindi lahat ay may computer at Internet access. Magagamit ba talaga ang mga katangian ng hypertext sa pag-unawa at pagkatha ng isang lipunan na tinatayang binubuo ng halos 75 porsiyento ng mga magsasaka? May ilang puntong nais kong ilatag upang malampasan ang mga kaugnay na agam-agam.

Ang unang bagaheng iminumungkahi kong lampasan ay ang pagkapit sa paninindigang ang mga usaping may kaugnayan lamang sa computer, Internet, hypertext, ay ang tanging usaping maliit sa usapin ng access o saklaw. Kung magpapahulog sa bitag ng pagiging maliit, halos lahat ng akademikong imbestigasyon (kung hindi nga lahat-lahat) ay posibleng maakusahan bilang makitid at maliit. Ang pagkatha ng mga malikhaing akda, ang pagsusuri ng mga teksto, ang pag-uugnay sa

antas ideolohikal, na napakadaling akusahan bilang walang mabilisan o kongkretong silbi, lahat ng ito'y mga proyektong tulad ng hypertext na itinaguyod at hinihimay-himay sa isang akademikong institusyon. May pangako ng pag-usad ang reoryentasyon sa pagtingin na ang mga taong nakalubog sa akademikong institusyon ay hindi ganoon karami, pero kinikilala ang posibilidad na ang mga tekstong isinusulat at binabasa'y maaaring sumaklaw sa danas na hindi lamang nakasentro sa institusyong pinagmumulan.

At dito na nga uusbong ang mga pagpanig na kaugnay ng cultural studies—na hindi lamang pasulat na teksto ang tinatanggap bilang teksto; na ang teksto'y may mga implikasyon sa iba't ibang antas—anyo at nilalaman, context at intertext, moda at relasyon ng produksiyon, kapangyarihan, punto de bista, napakarami pang iba; na ang mga tekstong umiiral sa isang lipunan ay may mga epekto sa kanilang pag-iral, depende sa kung paano sila naaabot ng mga tekstong ito.

Sa aking reoryentasyon bilang manunulat na akademiko, halimbawa, maaari kong ihayag ang ilang siguradong katotohanang tulad ng may ilang mga Filipinong may Internet at computer access, at malaki ang posibilidad na kung may ganitong klaseng access sila'y may access din sila sa iba't iba pang media form—mga anyo na sa aking estado bilang intelektuwal ay ituturing ko bilang tekstong may epekto at naaapektuhan ng mga taong nakararanas nito. Maaari kong ihanay ang iba't ibang tekstong ito base sa ilang mga siguradong kategorya—lebel ng presentasyon, empirical senses na tinatarget, antas ng pagiging multimedia, bilis o bagal, at haba o ikli—at lahat ng ito'y maitatahi ko sa pagbabasa ng isang partikular na grupo ng tao sa isang lipunang Filipino. Hindi man nito makatawan ang kabuuan ng bansa, magagamit ko ito bilang isang matingkad na reference point para sa ibang paghahambing.

Mula sa aking reoryentasyon, makababalik na ako sa aking paghahayag na may bigat ang pagsilip sa hypertext at hypertext paradigm. Maididiin ko ang katangian ng pagiging walang umpisa't wakas (dahil nonlinear, multidirectional din, may priyoridad sa kung ano ang nakaharap sa computer screen, ang hindi namamatay na kasalukuyan), mabilis (halos sabay-sabay, sa usapin ng pagbukas ng windows, ng mga aplikasyong pinaaandar, ng mga gawaing naisasagawa), interactive (mataas at instantaneous ang presensiya ng feedback exchange), at multimedia (pasulat na titik hanggang audio-visual elements) ng mga anyong hypertext-based at maaari kong ilatag na baka ito na ang mas hinahanap ng isang tagatanggap ng teksto sa lahat ng tekstong nararanasan niya. Baka mas may pang-akit na ang anyong nagmumukhang tagalikha na rin ang tagatanggap ng teksto, baka mas kaaya-aya na ang anyong maaaring buksan at isara nang agad-agad at walang tiyak na pagkakasunod-sunod, baka mas may dating na ang medium na naroon na ang lahat—mga salita, tunog, mga larawang nagpapalit-palit sa napakabilis na antas. Baka nga dahil sa anyong ito nagsimula ang paghahanap sa mga gawaing nariyan na ang lahat, mga anyong lantad na lantad na ang mabilisang silbi.

| | TITIK (Tula, Kuwento, atbp.) | IMAHEN (*Stil Photos, Billboards, Print Ads*) | COMICS/ KOMIKS | TUNOG/ TUGTOG (Pop Songs) | AUDIO-VISUAL (TV Shows, Movies) | HYPERTEXTUAL (Internet-based forms) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| TEKNIKAL NA DESKRIPSIYON | Binubuo ng mga titik na sumusunod sa partikular na anyo ng balarila. Ginagamit ang nakasulat na wika sa paghahatid ng idea | Walang kaukulang sukat, karaniwang 2-dimensional, binubuo ng imahen at teksto, hindi gumagalaw | Binubuo ng mga larawan at iba pang imahen (titik) na nakahanay sa isang tiyak na pagkakasunod-sunod. Binubuo ng "panels" | Mga salitang nilapatan ng tono, nagkakaiba depende sa uri. Minsan ay puro tunog lamang at walang titik | Magkasabay na paggamit ng tunog at larawang nagpapalit-palit sa napakabilis na antas sa iisang espasyo (photoplay) | Binubuo ng electronic codes na bumubuo ng iba't ibang multimedia elements sa computer screen. Hyperlinked ang halos lahat ng output |
| KONSEPTO NG ORAS O PANAHON | Wala. Maaaring basahin kahit kailan gusto; maaaring lumikha ng mahahabang tekstong nakapaloob sa mahahabang timeframe | Maaaring magamit nang pangmatagalan, walang limitasyon sa oras ng pagdanas ng midyum na ito | Walang limitasyon | Maaaring maging mahaba (classical music) o mas maikli (pop music), pero malinaw ang pagdidiin sa umpisa at wakas, kailangang tapusin ang danas sa isang pakikinig | May pressure na tapusin ang pagdanas sa iisang tiyak na panahon lamang, dahil dito'y mas mahirap ulit-ulitin o balik-balikan | Dahil sa pagiging konektado ng bawat hypertext-based form sa iba pa sa pamamagitan ng hyperlinks, perpetwal na gumagalaw ang pagdanas, kaya "habambuhay" itong umiiral |


| | TITIK (Tula, Kuwento, atbp.) | IMAHEN (*Stil Photos, Billboards, Print Ads*) | COMICS/ KOMIKS | TUNOG/ TUGTOG (Pop Songs) | AUDIO-VISUAL (TV Shows, Movies) | HYPERTEXTUAL (Internet-based forms) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| IDEAL NA HABA/ DURASYON | Walang limitasyon | Dahil sa walang kalayaang dulot ng paggalaw, kailangang maging mabilis ang presentasyon, dapat ay nasa iisang imahen na ang lahat ng kailangan | Walang ideal na haba | Nag-iiba depende sa klase ng tugtog, karaniwang tatlo hanggang limang minuto kada isang kanta | Dalawang oras para sa full length at 10 hanggang 20 para sa short films at TV shows | Hindi natatapos, o maaaring tapusin anumang oras |
| LEBEL NG PRESENTASYON | Hindi ganoon kakongkreto. Nakabase sa tagatanggap ang imaheng mabubuo sa imahinasyon, pinupunuan ng imahinasyon ang lahat ng kulang/ puwang | Mas kongkreto sa titik, sa tulong ng mga kongkretong larawan | May ilusyon ng paggalaw dahil sa paneled form, bagaman may mga puwang o gaps sa pagitan ng mga panel na pinupunuan ng mambabasa | Umaasa sa impact na magagawa ng kombinasyon ng mga titik at tunog. Pinupunuan pa rin ng tagapakinig ang biswal na kakulangan | Mas angat ang pagkakongkreto kaysa naunang mga midyum dahil sa gayang-gaya ang paggalaw ng tunay na mundo | Kompletong-kompleto, object-oriented, ibinibigay ang kung ano lang ang gusto ng gumagamit, maaaring baguhin ng gumagamit |
| EMPIRICAL SENSE NA TINATARGET | Mata, para sa pagproseso ng mga salita; nakadepende sa imahinasyon ang pagbuo ng imahen | Mata, para sa pagpoproseso ng mga kongkretong imaheng isahan | Mata, upang iproseso ang mga imaheng nakahanay sa tiyak na pagkakasunod-sunod | Tenga | Mata na umaayon sa mabilis na pagpapalit ng imahen sa isang espasyo, at tenga | Mata at tenga, may potensiyal para sa iba pang pandama |

Napakadali ko na itong maikakabit sa iba pang aspekto ng virtual na pamumuhay na nararanasan na rin ng ilan sa atin—ang kakayahang i-download nang libre ang pelikulang ni hindi pa ipinapalabas sa sinehan, ang multiplisidad ng mga pagkatao sa Friendster/MySpace/Twitter/Facebook/Multiply, ang pagpapasa ng listahan ng mga paboritong kanta/pelikula/libro sa anyo ng mala-AH1N1 na memes, ang paglusaw ng mga harang ng panahon/lahi/heograpiya sa pamamagitan ng Skype o YM.

Lohikal ding iugnay ko ito sa kultura ng pagmamadali at pagiging eternal na lumalaganap sa iba pang popular na media—ang mga instant na ulam/noodles/rice meals, ang pagkainip ni Sharon Cuneta sa bouillon cubes dahil hindi kasindaling lusawin tulad ng Maggi Magic Sarap granules, ang mga palabas sa TV na nilusaw na ang konsepto ng tiyak na timeslot (basta kasunod ito ng ganitong palabas, na umeere naman bago ang isa pang palabas), ang mga trendy na microvacation na nagmumungkahing puwedeng magbakasyon ang isang yuppie sa loob ng dalawang araw lang nang hindi lumalabas ng sariling tahanan (dahil busy na nga sa trabaho, bakit pa mag-a-out of town?).

At, muli, dahil sa pagkilala sa aking estado bilang isang manunulat na akademiko, ako mismo ang magbabalik ng lahat ng pagtalakay sa mga tanong na "Paano ko titingnan sa ibang perspektiba ang mga nailatag na obserbasyon?" at "Paano ko isasalin ang mga ito bilang malikhaing akda?"


**PAGKATHA**



Ito ang screen Capture ng "Ang mga Salaysay Natin, mga Nalalagas na Sakura." Bahagi ito ng koleksiyon ng fan fiction, o mga kuwentong kinatha mula/gamit ang mga umiiral na popular na tauhan—sa kaso ng piyesang ito'y ang Anime/Manga Series na "Card Captor Sakura." Ang koleksiyon ng fan fiction na ito'y bahagi ng isang mas malaking koleksiyon ng hypertext-based na antolohiya, ang "Hyper-Kuwento: Mga Imbestigasyon at Pagdadalawang-isip sa Panahon ng Hypertext," na nakompleto ang interface noong Oktubre 2008.

Interesante ang piyesang ito sa iba't ibang dahilan: una, gumagamit ito ng isang popular at kinikilalang teksto para gumawa ng panibagong teksto, na maaaring basahin bilang isang walang galang na pangongopya o kaya'y isang pagkuwestiyon at paghamon sa konsepto ng kanon ng paglikha; ang mga kuwentong tig-anim na salita na ikinalat sa 50+ na Sakura Cards ay kombinasyon ng mga sariling likha't mga adaptasyon ng mga aktuwal na kuwentong kinolekta mula sa iba't ibang e-mail respondents—mga kuwento ng mga kaibigang nag-NPA, gurong nag-migrate sa Amerika, lesbianang hindi makapag-out sa mga kasama sa paligid, at marami pa—isang pagtatangkang gawing demokratiko (kahit limitado) ang sining ng pagkukuwento; ang huling baraha ay isang link sa feedback form, kung saan maaaring magbigay ng mga puna ang sinumang nagbabasa ng piyesa, o kung nais niya'y magbigay ng sariling kuwentong ilalatag sa mga barahang naroon sa akda (o koleksiyon ng mga akda).

Sa kuwentong "Lunes, Alas-Diyes ng Umaga," na bahagi pa rin ng "Hyper-Kuwento," pinaglaruan naman ang posibilidad ng pagbabago-bago ng bersiyon ng tauhan, at dahil doon ay mababago rin ang bersiyon ng kuwento. Sa naratibong ito, ini-interview ng mag-asawa ang kanilang future son sa tulong ng isang makabagong phone service. Sa mga pagkakataong may hindi nagugustuhan ang magulang sa bersiyon ng anak na kinakapanayam, ida-dial lang nila ang kombinasyon ng mga numero para mag-reset ang araw at makapanayam muli ang panibagong bersiyon ng anak na mabubuo depende sa partikular na oras at kondisyong ibibigay din ng phone service. Kapag nakapili na ang mag-asawa (na mangyayari kapag nakapili na ang nagbabasa ng teksto ng ayos na bersiyon ng anak), lalabas ang isang bahagi ng kuwentong magdadala sa kanila sa hindi masyadong masayang katapusan. Hinihimay



ng mismong kuwento ang mga ipinapangakong kapangyarihan ng isang sistemang interaktibo, paulit-ulit (kaya posibleng walang wakas), at mabilisan. Tinatangkang gisahin ng piyesa ang sarili nito sa kanyang hypertext-based, virtual mantika.

Dalawa lamang ito sa mga pinakahuling kuwentong kinatha sa tulong ng ibang mga kaibigang mambabasa't manlilikha, na sabay na gumagamit at bumubusisi sa mga katangian at kultural na implikasyon ng hypertext sa isang lipunang Filipino. At ang tesis na ito'y bahagi lang din ng mga nauna nang proyektong nasimulan na noon pang 2002. Ang iba'y mga simpleng laro lang ng daloy ng istorya, na sa pagsilip sa malapit na kasaysayan ng panitikang Filipino ay nailatag na naman ng mga manunulat gaya nina Jun Cruz Reyes ("Mga Kuwentong Kapos"), Luna Sicat Cleto ("Ang Lohika ng mga Bula ng Sabon"), Rolando Tolentino ("Sa Kanto ng Annapolis at Aurora"), at Eli Guieb ("Horoscope"). Ang iba'y nasa lebel ng paglalaro sa konsepto ng intelektuwal na fan din, ang akademikong manunulat na lubog sa mga popular na anyong media, at mula doon ay umusbong ang pagkarami-raming kuwento't tula tungkol sa Eraserheads, World Wrestling Federation, "Naruto," "Dollhouse" at "Firefly," kahit pa nga mga tauhan sa *El Filibusterismo* o sa website na Corbin Fisher (isang amateur pornographic site na nagtatampok ng mga hubad na lalaki). Habang ipinagpapatuloy ang paglusong sa hypertext-based applications gaya ng blogging, networking, at kung anumang aplikasyong maaaring magtampok ng danas bilang akademikong manunulat, lumalahok pa rin ako sa mga publikasyong print-based nang may pagtatangkang ilapat ang mga atake at sensibilidad na nahuhugot ko mula sa hypertext-based at sa iba pang klase ng media form.

Ito ang hyperwriter—isang manunulat na kinikilala hindi lamang ang mga limitasyon kundi ang mga posibilidad ng institusyong kinabibilangan niya. Malay siya sa mga implikasyon ng iba't ibang partikularidad sa anyo ng pamamahayag, at naniniwala siyang hindi agad-agad na nagbabasura ng luma para lamang sa pagdating ng isang bago. Kinikilala niya ang dinamismo ng lipunan, ng media, ng kultura, at kasabay nito'y mas pinaluluwang niya ang espasyo para sa memorya. Tinatangka niyang maging masaklaw at komprehensibo ang memoryang ito, tinatangka niyang magtampok at magsuri ng mga danas na labas sa kanyang pansariling pag-iral. Kinikilala niya ang multiplisidad ng pagkatao, pero nananatili siyang malay sa mga puwersang nagmomonopolyo ng kapangyarihan. Naniniwala siyang sa proseso ng pag-aagawan ng kapangyarihang ito, nag-aagawan din ng mga kahulugan, ng mga ibig sabihin. Nananalig siyang ang kanyang mga ikakatha'y may naiaambag sa demokratisasyon ng ganitong klaseng agawan.

Sinasabi ko ang disenyong ito bilang isang hinarayang disenyo, isang prototype ng manunulat na sa sariling danas ay tinatrabaho pa lang, malayo pa sa ganap na pagkakabuo. Sa paggalaw ko sa isang akademikong terrain, nahahatak ako madalas sa isang limitadong print-based na sensibilidad. May tendensiyang mahatak ako ng kasiguraduhan ng mga tiyak na genre, ng pagkilala sa halaga ng isang akda sa usapin ng pagkilala sa anyo ng mga gawad at balidasyon mula sa isang partikular na

akademikong sentro. Kasabay nito, naaakit ako sa interaktibong potensiyal ng mga anyong hypertext-based, naeengganyo ako sa multimedia na tila mapagpalayang potensiyal nito, nae-excite ako sa mga espasyo ng posibleng paglalaro. Pero nalilimitahan ako ng aking kakayahang teknikal tungkol sa anyong ito, at ng aking tendensiyang maging makitid minsan sa pagkahon sa silbi ng mga anyo (pag pampanitikan, papel; pag laro, hypertext). Isa itong walang-tigil na pagtatangka sa balanse. At sa maikling pagpasyal natin sa mga kakayahan, butas, at posibilidad ng anyong ito, sana'y nahikayat kita, ikaw na nagbabasa (pagkat bahagi ng sensibilidad na ito ang pagkilala sa presensiya mo), na maging kaagapay sa patuloy na proseso ng paglikhang ito. Sana'y naging sapat ang bungkos ng mga salita sa papel na ito para sa iyong sariling pagsisimula.

## SANGGUNIAN


*A Little History of the World Wide Web*. n.d. Nakuha noong 12 Enero 12 2002 mula sa http://www.w3.org/

David, Adam, at Indira Endaya. 2002. *Project Crumbs*. Nakuha noong Abril 2002 mula sa http://projectcrumbs.tripod.com

Fernandez, Doreen G. 1996. *Palabas : Essays on Philippine Theater History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Gonzales, Vladimeir, B. "Hyperkuwento: Mga Imbestigasyon at Pagdadalawang-isip sa Panahon ng Hypertext." *2008*. MA Tesis.

*Hypertext Paradigm*. n.d. Nakuha noong 12 Enero 2002 mula sa http://hoshi.cic.sfu.ca/~guay/Paradigm/Hypertext.html

Landow, George. 2000. "Hypertext: the Convergence of Contemporary Critical Theory and Technology". Sa Kaplan, C. *Criticism: Major Statements*. Boston, MA: St. Martin's Press. 751-762.

*Micro Vacations in a Micro-driven World*. n.d. Nakuha mula sa http://www.froodee.com/lifestyle/micro-vacations-in-a-micro-driven-world/

*Print Paradigm*. n.d. Nakuha noong 12 Enero 2002 mula sa http://hoshi.cic.sfu.ca/~guay/Paradigm/Print.html